
# Project EASE

(Effective and Accessible Secondary Education)

**ARALING PANLIPUNAN III**



# MODYUL 20

# NEO-KOLONYALISMO

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

**MODYUL 20**

**NEO-KOLONYALISMO**



Tatalakayin sa modyul na ito ang mga sangkap ng sistemang neo-kolonyalismo; mga programang ginamit na instrumento upang patatagin ang neo-kolonyalismo at ang epekto sa mga bansang sinakop at pinagsasamantalahan nito.



May tatlong araling inihanda para sa inyo sa modyul na ito:

- Aralin 1: Ang Pamamaraan o sangkap ng Sistemang Neo-kolonyalismo
- Aralin 2: Mga Instrumentong Ginamit o Uri ng Neo-kolonyalismo upang makamit ang Nais nito;
- Aralin 3: Ang Epekto ng Neo-kolonyalismo sa mga Bansang Nasakop nito.



Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Maipapaliwanag ang tunay na kahulugan at Layunin ng sistemang Neo-kolonyalismo;
2. Mabibigyang puna ang mga anyo o instrumentong ginamit upang makamit ang nais nito;
3. Masusuri ang epekto ng Neo-kolonyalismo sa pangkalahatang kalagayan ng papaunlad at di-maunlad na bansa; at
4. Maipapahayag ang sariling damdamin tungkol sa bagong uri ng pananakop.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.




**PANIMULANG PAGSUSULIT:**

I. Panuto: Itambal ang hanay A sa hanay B.
Isulat ang titik sa patlang.


| A | B |
|---|---|
| ______1. Foreign Debt | a. Imperyalistang bansa |
| ______2. Surplus | b. Bagong uri ng pagsasamantala sa mahihirap na bansa |
| ______3. Kapitalismo | c. Institusyong itinayo ng 120 pribadong kompanya |
| ______4. Komunismo | d. Panahong isinilang ang neo-kolonyalismo |
| ______5. Foreign Aid | e. Ang lumusob sa bansang Asya |
| ______6. Ekonomiyang Hapon | f. Tulong pang-ekonomiya |
| ______7. World War II | g. Unyon Sobyet |
| ______8. ADELA | h. USA |
| ______9. Neo-kolonyalismo | i. Natitirang kagamitang militar |
| ______10. USA at RUSYA | j. Pag-utang sa mayayamang bansa |
| ______11. IMF/World Bank | k. Nagsagawa ng neo-kolonyalismo |
| ______12. Debt Trap | l. Produktong banyaga |
| ______13. Hapon | m. Uri ng neo-kolonyalismo |
| ______14. Pilipinas | n. Anyo ng neo-kolonyalismo |
| ______15. Neo | o. Biktima ng neo-kolonyalismo |
| ______16. Underdeveloped | p. Nangangahulugang bago |
| ______17. Base Militar | q. Papaunlad na bansa |
| ______18. Ideolohiya | r. Maunlad na bansa sa Asya |
| ______19. Hamburger | s. Hindi makaahon sa utang |
| ______20. Mayayamang bansa | t. Britten Woods Twins |

**ARALIN 1**

**ANG PAMAMARAAN O SANGKAP NG SISTEMANG NEO- KOLONYALISMO**



Pagnarinig mo ang salitang Neokolonyalismo, ano ang sumasagi sa iyong isipan? Tinatalakay dito ang talong Paraan o Sangkap ng Sistemang Neo-Kolonyalismo.




Pagkatapos mong pag-aralan ang mga paksa sa araling ito, ikaw ay inaasahang:

1. Makapagsusuri ng mga dahilan na walang tunay na kalayaan sa mga bagong silang na bansa pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig; at
2. Maipaliliwanag ang mga Pamamaraan o sangkap ng sistemang neo-kolonyalismo.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Tukuyin ang mga bansang ipinakikilala sa larawan sa tulong ng mga bandila.



1. ____________________________________________
2. ____________________________________________
3. ____________________________________________
4. ____________________________________________
5. ____________________________________________
6. ____________________________________________
7. ____________________________________________

Sila ang tinatawag na Group of Seven

**Ang Pamamaraan ng Neo-kolonyalismo**

Pagkatapos ng ikalawang Digmaang Pandaigdig, lumitaw ang makabagong uri ng pananakop upang mapanatili ang kanilang kapangyarihan, ito ay ang neo-kolonyalismo at interbensyon.


Ang neo-kolonyalismo ay nangangahulugan ng bago at ibang uri ng pagsasamantala sa mahihirap na bansa.

Sa pag-aaral ng agham-pampulitika, ang neo-kolonyalismo ay patungkol sa pananatili ng kontrol ng isang dating kolonyalista. Ito ay sa pamamagitan ng mas malumanay at patagong (subtle) pamamaraan at pagmamanipula sa isang bansa. Layunin nitong patatagin ang pamumuhunan, pigilin ang pagkamit ng tunay na kalayaan, at kunin ang mas malaking kita mula sa negosyo. Palakasin pa nito ang imperyalismo sa usaping pang-ekonomiya, pulitika, ideolohiya, at militar na paninindigan ng isang bansa.

Isa sa maituturing na pinakamahalagang sangkap ng sistemang neo-kolonyalismo ay ang pagkakaroon nito ng makabagong pamamaraan para sa pagluluwas ng pamumuhunang industriyal at pinansyal. Kabilang dito ay ang pagbuo ng iba't ibang uri ng lipunan at kumpanya, pandaigdigan at pampribadong pondo, pagkakaroon ng mga korporasyon at konsoryum (samahan ng mga namumuhunan), pagsisiguro ng pamumuhunan, paglalaan ng mga pautang na makakatulong hindi lamang sa nangangailangan kundi magbibigay rin ng sapat na tubo para sa magpapahiram, at iba pa.

Ang mga imperyalista ay nakatuon sa kita ng kapital na kanilang inilagay sa mga negosyo ng papaunlad ng mga bansa. Ang mga kumpanya ng langis ang kadalasang kumikita ng malaki lalo na sa kanlurang Asya, Venezuela, Cambodia, Argentina, Brazil, Bolivia, at Aprika. Isa pang pamamaraan ay ang pagluluwas ng puhunan sa pamamagitan ng paggawa ng mga internal at pribadong kumpanya upang makagawa ng konsorsyum at makakuha ng mas magandang kundisyon sa negosyo sa papaunlad na mga bansa. Halimbawa nito ay ang Atalantic Community Development Group for LATIN America (ADELA) na itinayo ng 120 pribadong kumpanya at mga bangko ng kanlurang Europa, USA, Canada at Hapong na ang layunin ay magbibigay ng pondo sa mga bansang Brazil, Ecuador, Nicaragua at Chile.

Ang neo-kolonyalismo ay isang uri ng suliraning pampulitika at pang-ekonomiya na ang lahat ng estado mayaman at mahirap ay maaring masangkot.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

A. Ipaliwanag ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang kahulugan ng neokolonyalismo at anu-ano ang mga pinakamahalagang sangkap ng sistemang ginamit nito? ___________________
_________________________________________________________________
_________________________________________________________________
_________________________________________________________________

2. Anu-anong bansa ang nagsagawa ng neo-kolonyalismo at ano ang tunay na layunin nila? _______________________________________________________
_________________________________________________________________
_________________________________________________________________
_________________________________________________________________

B. Makikita sa ibaba ang mga pangalan ng iba't ibang bansa. Pangkatin mo ang mga ito sa dalawa. Una, mga bansang mayayaman o makapangyarihan at ikalawa mga bansang mahirap o papaunlad pa lamang.

| |
|---|
| USA, Japan, Pilipinas, Cambodia, Kenya, Great Britain, France, Laos, Pakistan, Australia |

| Unang Pangkat | Ikalawang Pangkat |
|---|---|
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |
| 4. | 4. |
| 5. | 5. |

Aling pangkat ang nagsagawa ng neo-kolonyalismo? Ano ang kanilang katangian?
_________________________________________________________________
_________________________________________________________________
_________________________________________________________________



**Tandaan Mo!**

Lumitaw ang mga makabagong uri ng pananakop pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ito ay itinuturing na "neo-kolonyalismo".

Ang neo-kolonyalismo ay nangangahulugan ng bago at ibang uri ng pagsasamantala sa mahihirap na bansa. Ito ay ipinapakita sa tatlong paraan:

- Ang mga mamamayam ng bagong layang estado ay sinasamantala at inaapi ng kanilang sariling mga pinunong nasusuhulan na ngayon, umaabuso sa kapangyarihan at nagpayaman ng kanilang mga sarili.
- Ang ekonomiya ng mga bansang umuunlad ay patuloy na pinangingibawan
- ng mayayamang bansa at mga kumpanyang multinasyonal.
- Ang bagong layang mga estado ay nagsasagawa ng mga pananalakay at nagdaragdag ng teritoryong pag-aari ng ibang mga bansa



**Gawain 3: Paglalapat**

Isulat at ipaliwanag ang mga sumusunod na katanungan:

1. Paano pinapalaganap ang neo-kolonyalismo? ______________________________
______________________________
______________________________
______________________________

2. Mayroon bang naitulong ang kolonyalismo sa bansa? ______________________________
______________________________
______________________________
______________________________

**ARALIN 2**

**MGA INSTRUMENTONG GINAMIT O URI NG NEO-KOLONYALISMO**

Sa araling ito, tatalakayin ang mga instrumentong ginagamit at uri ng neo-kolonyalismo upang lalong epektibo ang pananakop ng mga mayayamang bansa tulad ng sa larangan ng ekonomiya at kultural

Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Masusuri ang mga instrumentong ginamit ng neo-kolonyalismo upang makuha nito ang nais sa malalayang bansa; at
2. Matatakay ang mga kondisyong napapaloob bago magbigay ng pang-ekonomiyang at pampulitikang tulong ang mga mayayamang bansa.

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Bago ka magsimula ng aralin, subukin mo kung makikilala mo ang nasa larawan.



**World Bank**

1. Ano ang mahalagang ginagampanan niya sa pagpapalaganap ng neo-kolonyalismo?
2. Ano ang tunay na layunin niya sa pagbibigay ng tulong sa mga mahihirap na bansa?

**Mga Instrumento O Uri ng Neo-kolonyalismo**

Ang mga instrumentong ginamit ng neo-kolonyalismo upang makuha nito ang gusto sa malalayang bansa ay kinabibilangan ng mga uring **pang-ekonomiya** at **pangkultura**. May mga pagkakataong ginamit din ang militar at ang mga pailalim na gawain ng mga institusyong pang-espiya.

1. Ekonomiko- napalaganap ito sa pamamagitan ng kunwaring tulong tungo sa pagpapaunlad kalagayang pangkabuhayan ng bansa, ngunit sa katotohanan ay nakatali na ang bansang tinutulungan sa patakaran at motibo ng bansang tumutulong.
2. Kultural- sa anyong ito ay nabago ang ating pananaw sa mga bagay na likas na angkin ng bansa. Dala ng mga ipinakilala ng mga dayuhan. Nagkaroon ng pagbababago ang ating buhay. Higit na pinahahalagahan ang musika, palabas, babasahin ng mga dayuhan.

Nagbigay ng masamang epekto sa mga Pilipino ang pagpapairal ng wikang Ingles bilang wikang gagamitin sa mga paaralan. Itinuro ng kabihasnan at kasaysayan ng mga Amerikano kaya napabayaan ang sariling kalinangan at maging ang sariling wika. Ang mga ito ang ilan sa naging ugat upang magtaglay ang mga Pilipino ng kaisipang kolonyal na pumupuri at dumarakila sa anumang bagay na gawa ng Estados Unidos at pagsasantabi sa mga bagay na gawa sa sariling bayan. Bahagi rin ng neo-kolonyolistang kultural ang pagpasok ng iba’t ibang pagkaing Amerikano na ngayo’y palasak na sa panlasang Pilipino – hotdog, hamburger, at mansanas, na ipinagpalit na sa katutubong mga pagkaing tulad ng kalamay, puto, latik, ginataan, bibingka at marami pang iba. Maging ang mga pananaw ng mga Pilipino sa buhay ay nabahiran na rin ng imperyalismo. Naghangad ang mga Pilipino ng pagkakaroon ng mga materyal na bagay na siyang batayan ng katayuan sa lipunan. Sa pananaw ng mga katutubong pinunong pampulitika at pang ekonomiya, nakauganay ang pambansang o pansariling nilang interes sa interes ng mga neo-kolonyalista. Dahil dito, madaling impluwensyahan nitong huli ang una upang gawin ang mga hakbang na nais nila.

**Dayuhang Tulong o Foreign Aid**

Ilang instrumento ng mga neo-kolonyalista ang napakaloob sa tinatawag na dayuhang tulong (*foreign aid*) – pang-ekonomiya, pangkultura, at pangmilitar.

Sa Unang malas ay mga tulong na walang kondisyon, tulad ng pamimigay ng gatas sa mga bata at pamamahagi ng libreng aklat ay may kapalit. Kung titingnan maigi, ang mga tulong na ibinigay ng Estados Unidos ay napunta rin sa mga negosyanteng Amerikano. Maging ang tulong militar ng Estados Unidos ay hindi rin libre. Ang ipinamimigay na mga kagamitang militar ay mga ***surplu****s* na lamang.

**Dayuhang Pautang o Foreign Debt**

Anumang pautang na ibigay ng International Monetary Fund (IMF/WORLD BANK) o ng Estados Unidos ay laging may mga kondisyon. Isa na rito ang mga kondisyon. Kabilang sa mga kondisyon ang pagbubukas ng ekonomiya sa dayuhang pamumuhunan at kalakalan, pagpapababa ng halaga ng salapi at pagsasaayos ng sistema ng pagbubuwis. Kung hindi sundin ang mga kondisyon, hindi makautang ang umuutang. Dahil dito, hindi rin makaahon sa utang ang mahihirap na bansa. ***Debt trap*** ang itinawag dito.

**Lihim na Pagkilos (Covert Operation)**

Kung hindi mapasunod nang mapayapa, gumawa ng paraan ang mga neo-kolonyalista upang guluhin ang isang pamahalaan o ibagsak ito nang tuluyan**.**



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Tukuyin kung anong uri ng neo-kolonyalismo ang ipinakita ng mga sitwasyon.

| Pang-Pulitika, Pang-ekonomiya, Pangkultural, Pangmilitar |
|---|

__________1. Pinalaganap nang mayayamang bansa ang kanilang ideolohiya pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

__________2. Nagpautang ang World Bank ng pera sa Pilipinas upang masurpotahan ang pagsasaayos ng sistema ng edukasyon.

__________3. Maraming mga organization at embahada ang mga nag-alok ng mga scholarship grant para mag-aral sa kanilang bansa.

__________4. Nagpadala ng mga sundalo ang bansang Amerika sa Pilipinas upang supilin ang mga terorista.

__________5. Ang wikang Ingles ang siyang itinadhana at papairalin bilang wikang gagamitin sa mga paaralan.



**Tandaan Mo!**

- Ayon sa nabangit, masusuri natin ang neo-kolonyalismo sa sumusunod:

- Ekonomiko- nagpapalaganap ito sa pamamagitan ng kunwaring tulong tungo sa pagpapaunlad ng kalagayang pangkabuhayan ng bansa, ngunit sa katotohanan ay nakatali na ang mga bansang tinutulungan sa patakaran at motibo ng bansang tumutulong.
- Kultural- sa anyong ito ay nabago ang ating pananaw sa mga bagay na likas na angkin ng bansa. Dala ng mga ipinakilala ng mga dayuhan. Nagkaroon ng pagbabago ang ating buhay. Higit na pinahahalagahan ang musika, palabas, babasahin ng mga dayuhan.



**Gawain 3: Paglalapat**

A. Dapat bang tanggapin ang mga sumusunod, na mula sa mayamang bansa?

| | Dapat | Di-Dapat |
|---|---|---|
| 1. Madalas na Pag-utang | | |
| 2. Tulong teknikal | | |
| 3. Produktong dayuhan | | |
| 4. Tulong (gamot,pagkain) | | |
| 5. Wikang dayuhan | | |
| 6. Pelikulang dayuhan | | |
| 7. Musikang dayuhan | | |
| 8. Tulong military | | |

B. Ipaliwanag kung kailan naging mali ang pagtanggap nito at kung papaano ito maiwawasto.

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

**ARALIN 3**

**ANG EPEKTO NG NEO-KOLONYALISMO SA MGA BANSANG SINAKOP NITO.**



Sa araling ito, tatalakayin natin ang mga mabuti at di-mabuting epekto ng neo-kolonyalismo sa mga bansang sinakop nito.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Gumawa ng Talahanayan ng mabuti at di-mabuting epekto ng neo-kolonyalismo.

| Mabuti | Di- mabuti |
|---|---|
| 1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5. | 1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5. |


**Epekto ng Neo-kolonyalismo**

Maraming naging epekto ang neo-kolonyalismo sa mga bansang sinakop at pinagsamantalahan nito.

1. Over Dependence o Labis na Pagdepende sa Iba Malinaw na umasa ng labis ang mga tao sa mga mayayamang bansa lalung-lalo na sa may kaugnayan sa United States.
2. Loss of Pride o Kawalan ng karangalan Sanhi ng impluwensya ng mga dayuhan, nabuo sa isipan ng mga tao na lahat ng galing sa kanluran ay mabuti at

magaling, na siyang dahilan kung bakit ang tao ay nawalan ng interes sa sariling kultura at produkto.

3. Continued Enslavement o Patuloy na Pang-aalipin Totoo ngang ang mga umuumlad na bansa ay malaya sa prinsipyo, ngunit sa tunay na kahulugan ng salitang kalayaan, ang mga maliliit na bansa ay patuloy pa ring nakatali sa malakolonyal at makakapitalistang interes ng kanluran. Ang lahat ng aspekto ng kabuhayan ay kontrolado pa rin ng kanluran.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

A. Gumawa ng talaan ng mga produktong yari sa Pilipinas at Produktong galing sa ibang bansa.

Mga Produktong Yari sa:

| A. Pilipinas | B. Ibang bansa (imported) |
|---|---|
| 1. ____________________ | 1. ____________________ |
| 2. ____________________ | 2. ____________________ |
| 3. ____________________ | 3. ____________________ |
| 4. ____________________ | 4. ____________________ |
| 5. ____________________ | 5. ____________________ |

Ayon sa talahanayang ginawa mo, masasabi mo ba na ikaw ay biktima ng neo-kolonyalismo? At Bakit? Ipaliwanag. ____________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

C. Ipaliwang sa sagutang papel ang mga sumusunod na epekto ng neo-kolonyalismo:

1. Mananatili bilang isang agricultural country ang ating bansa.
2. Stop regulating the oil prices.
3. It's better if you import more flour and eat more bread.

4. Start Tightening your belt.

D. Ipaliwanag sa sagutang papel ang mga sumusunod na tanong:

1. Paano nagsimula ang kaisipang kolonyal ng mga Pilipino?
2. Masasabi mo bang napabuti ang kalagayan ng mga Pilipino ngayon dahil sa neo-kolonyalismo?



**Tandaan Mo!**

Ang epekto ng Neo-kolonyalismo ay ang mga sumusunod:

- Over Dependence o Labis na Pagdepende sa Iba – na ang ibig sabihin na umasa ng labis ang mga tao sa mga mayayamang bansa.
- Loss of Pride o kawalan ng karangalan – sanhi ng impluwensya ng mga dayuhan, nabuo sa isipan ng mga tao na lahat ng galing sa kanluran ay mabuti at magaling.
- Continued Enslavement o Patuloy na Pang-aalipin- ang mga umuunlad na bansa ay malaya sa prinsipyo, ngunit sa tunay na kahulugan ay nakatali pa rin sa malakolonyal na interes ng kanluran.



**Gawain 3: Paglalapat**

Gumawa ng isang sanaysay. Pumili ng isa at talakayin.

1. " Walang bansa ang Makapag-iisa."
2. " Ang sariling pagkakakilanlan ay nawawala dahil sa kulturang dayuhan".



**MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO**

Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, ano ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan?

- Ang neo-kolonyalismo ay isang anyo ng pananakop ng mga mayayaman at makapangyarihang bansa. Ito ay hindi tuwirang pananakop.
- Ang neo-kolonyalismo ay may dalawang uri: ang ekonomiko at kultural. Ang una ay sa pamamagitan ng mga tulong at pautang na ipinagkaloob sa isang mahirap na bansa. At ang kultural ay binubuo ng mga awit, palabas, babasahin at iba pa na ipinagkakaloob ng mga dayuhan sa isang bansa.
- Nakakaapekto ang neo-kolonyalismo sa kadahilang nagiging labis na palaasa ang mga mahirap ng bansa at kadalasan nawawala sila ng karangalan. Patuloy na inaalipin ang mga bansang maliliit dulot ng neo-kolonyalismo.



**PANGHILING PAGSUSULIT:**

I. Panuto: Upang matiyak ang mga natutunan sa aralin. Sagutan ang mga sumusunod na gawain. Bilugan ang tamang sagot.

1. Mapayapang pananakop sa likod ng kunwaring malasakit.
   A. Neo
   B. Neo-kolonyalisno
   C. Imperyalismo
   D. Kolonyalismo

2. Ahensyang ginagamit upang maisakatuparan ng mga mayamang bansa ang kanilang adhikain.
   A. ADELA
   B. IMF-WB
   C. Marshall Plan
   D. US Aid

3. Nanguna sa pagsuporta sa mga gawain ng mga Bansang Nagkakaisa.
   A. Africa
   B. Cambodia
   C. Philippines
   D. United States

4. Nawalan ng pagkakakilanlan dahil sa pagyakap sa mga bagay na gawa ng dayuhan.
   A. Pagtangkilik ng sariling atin
   B. Pagtangkilik ng produktong banyaga
   C. Isipang kolonyal
   D. Kolonyalismo

5. Lahat ng aspeto ng pamumuhay ay kontrolado ng dayuhan.
   A. Continued Enslavement
   B. Kultural
   C. Kompetisyon
   D. Tulong mula sa dayuhan

6. Mga bansang mahihirap ay kabilang sa:
   A. Unang Daigdig
   B. Ikalawang Daigdig
   C. Ikatlong Daigdig
   D. Mga bansang Asyano

7. Tulong pinansyal at pangkabuhayan ang balat kayo ng Uring ito.
   A. Ekonomiko
   B. Foreign Aid
   C. Colombo Plan
   D. US Aid

8. Ang pananakop ng malalakas na bansa upang matamo ang kayamana at kapangyarihan ng isang bansa.
   A. Neo-kolonyalismo
   B. Imperyalismo
   C. Komunismo
   D. Sosyalismo

9. Higit ang pagpapahalaga sa mga palabas, musika, babasahin ng mga dayuhan.
   A. Colonial mentality
   B. Kultural
   C. Ekonomiko
   D. Political

10. Minana na produkto na galing sa ibang bansa.
   A. Pagtangkilik ng sariling atin
   B. Alliance for Progress
   C. Loss of Pride
   D. Peace Corps

11. Anyo ng neo-kolonyalismo na ang layunin ay ipalaganap ang ideolohiyang pang-kabuhayan at politikal.
   A. Nasyonalismo
   B. Globalisasyon
   C. Komunismo
   D. Militarismo

12. Ang mga bansang kabilang sa tinatawag na group of Seven:
   A. Africa at Nigeria
   B. Estados Unidos at Grand Britanya
   C. Pilipinas at Malasya
   D. South at North Korea

13. Bahagi ng neo-kolonyalistang kultural ay ang pagpasok ng iba't ibang pagkaing Amerikano tulad ng:
   A. bibingka at pinipig
   B. hamburger at hotdog
   C. ginataan at latik
   D. kalamay at puto

14. Instrumento ng mga neo-kolonyalista ang pagkakaloob ng tulong pang-ekonomiya at pangkultura.
   A. Foreign Aid
   B. Foreign Debt
   C. Monetary Fund
   D. Debt Trap

15. Isinilang ang neo-kolonyalismo matapos ang:
   A. Digmaang China
   B. Ikalawang Digmaang Pandaigdig
   C. Digmaang Korea
   D. Digmaang Alemanya

-

B. Isulat kung ang Pangungusap ay Tama o Mali

____1. Matatawag na malaya ang isang bansa kapag nagsasarili na ito sa lahat ng aspeto ng pamumuhay.
____2. Sinasakop ang isang bansa kapag wala itong katatagan sa pulitika.
____3. Sinasakop lamang ang mahihirap na bansa.
____4. Ang mga tulong teknikal ng mayamang bansa ay may kaakibat na kapalit.
____5. Sa neo-kolonyalismo, amg mayaman ay hindi maaring mabiktima



## GABAY SA PAGWAWASTO:

**PANIMULANG PAGSUSULIT**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. J | 6. E | 11. K | 16. P |
| 2. I | 7. D | 12. L | 17. Q |
| 3. H | 8. C | 13. M | 18. R |
| 4. G | 9. B | 14. N | 19. S |
| 5. F | 10. A | 15. O | 20. T |

**ARALIN 1: ANG PAMAMARAAN O SANGKAP NG SISTEMANG NEO-OLONYALISMO**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

1. Canada
2. France
3. Germany
4. Great Bratain
5. Italy
6. USA
7. Japan

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ang sagot ay maaring magkakaiba. Isangguni sa gurong tagapamahala ang iyong sagot.

**Gawain 3: Paglalapat**

Ang sagot ay maaring magkakaiba. Isangguni sa gurong tagapamahala ang iyong sagot.

**ARALIN 2: MGA INSTRUMENTONG GINAMIT O URI NG NEO-KOLONYALISMO UPANG MAKAMIT ANG NAIS NITO**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

**Gawain 3: Paglalapat**

**ARALIN 3: ANG EPEKTO NG NEO-KOLONYALISMO SA MGA BANSANG NASAKOP NITO.**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

**Gawain 3: Paglalapat**

**PANGHULING PAGSUSULIT**

A.

1. B
2. B
3. D
4. C
5. A
6. C
7. A
8. B
9. B
10. C
11. B
12. B
13. B
14. A
15. A

B.

1. T
2. M
3. M
4. T
5. M